`Republic of the Philippines
**Department of Education**
Region IV-A CALABARZON
Division of Laguna
District of San Pedro
San Pedro Central School
LAS Quarter 1 Week 3
Filipino- Five

NAME: ______________________________ DATE: ____________________

SECTION: ______________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Basahin ang maikling teksto. Sagutin ang mga tanong sa pamamagitan ng pagdurugtong ng sagot sa pariralang nakasulat. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

## Levi Celerio, Pambansang Alagad ng Sining

Si Levi Celerio ay kilalang mahusay na kompositor. Napasama ang kanyang pangalan sa Guinness Book of World Record dahil siya ay tumugtog gamit lamang ang dahon. Hindi na mabilang ang mga awiting kanyang isinulat. Ilan sa mga uri ng awitin ay awiting Pilipino pambayan, pamasko at pag-ibig na ginamit sa mga pelikula.

Ginawaran siya ng titulong Pambansang Alagad ng Sining sa Musika at Panitikan noong 1997 ni Pangulong Fidel Ramos dahil sa parangal na ito higit siyang nakilala bilang isang Kompositor at Prolifikong Lyricista bilang tunay na kaganapan sentimientong makapuso ng sambayanang Pilipino.

1. Sino ang tinaguriang Pambansang Alagad ng Sining?
   Ang tinaguriang Pambansang Alagad ng Sining ay si ____________
2. Ano ang ginamit niya sa pagtugtog ng musika?
   Ang ginamit niya sa pagtugtog ng musika ay ____________________
3. Sinong panguloa ang nagparangal bilang Pambansang Alagad ng Si-ning?
   Ang pangulong nagparangal sa kanya ay si Pangulong _______________
4. May kilala ka bang mga Pilipinong kompositor? Sino-sino sila?
   Ang mga kilala kong kompositor ay sina __________________
5. Sa anong larangan ng sining nais mong mapabilang? Bakit?
   Pumili ng isa sa mga sumusunod at ipaliwanag
   **Pagpipinta, pag-awit, pagsasayaw, paglililok**
   Kung ako ay pipili kung anong larangan ng sining ang nais kong mapabilang, pipiliin ko ay___________dahil_________________

LIVEWORKSHEETS